

Ang Zakah



جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

13

Ang mga Alituntunin sa Zakáh

أحكام الزكاة – اللغة الفلبينية



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

أحكام الزكاة
أعدّه وترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الرابعة: ١٤٤٢/٦ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

أحكام الزكاة

٢٤ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك ٠ - ٠١ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١. الزكاة

١٥/٢٧٥٧

ديوي ٢٥٢،٤

رقم الإيداع: ١٥/٢٧٥٧
ردمك ٠ - ٠١ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

محتويات الكتاب

- ١- حكم الزكاة
- ٢- زكاة الثروة الحيوانية
- ٣- زكاة التقدين
- ٤- زكاة عروض التجارة
- ٥- زكاة الخارج من الأرض
- ٦- زكاة الأسهم
- ٧- أهل الزكاة
- ٨- أحكام زكاة الفطر

Mga Nilalaman

1. Ang Hatol Kaugnay sa Zakáh.....5
2. Ang Zakáh sa Ginto, Pilak at Pera.....6
3. Ang Zakáh sa mga Kalakal.....8
4. Ang Zakáh sa Shares o Sapi sa Kompanya10
5. Ang Zakáh sa Produkto ng Lupa11
6. Ang Zakáh sa Hayop12
7. Paraan ng Pagkukuwenta ng Zakáh.....13
8. Ang Mga Karapat-dapat sa Zakáh16
9. Ilang Paalaala Hinggil sa Zakáh18
10. Ang Zakátulfītr19
11. Ilang Paalaala Hinggil sa Zakátulfītr23

أحكام الزكاة

Ang mga Alituntunin sa Zakáh

Ang Hatol Kaugnay sa Zakáh

Ang zakáh ay ang ikatlo sa mga Haligi ng Islam. Tungkulin ng isang Muslim na magbigay ng zakáh¹ kapag nagmay-ari ng nisáb² nito at inabutan ito sa kanya ng isang taon. Sinabi ni Allah (2:110): “**Panatilihin ninyo ang pagdarasal at ibigay ninyo ang zakáh.**” Ang pagsasabatas sa Islam ng zakáh ay kapupulutan ng maraming aral at kapakinabangan. Ang sumusunod ay ang ilan sa mga ito:

1. Ang paglilinis sa kaluluwa at ang paglalayo nito sa karamutan at kakuriputan;
2. Ang pagsasanay sa isang Muslim upang maging mapagbigay;
3. Ang pagpapatatag sa mga bigkis ng pagmamahalan sa pagitan ng mayaman at mahirap sapagkat ang mga tao ay nilikhang may kalikasang mahalín ang sinumang nagmamagandang-loob sa kanila;
4. Ang pagsuporta sa isang mahirap na Muslim at ang pagpuno ng pangangailangan niya; at

¹ Ang buwis ng pamahalaan ay hindi kapalit o katumbas ng zakáh.

² Ang nisáb ay ang minimum na bilang o halaga ng ari-arian upang ito ay maaari nang patawan ng zakáh.

5. Ang paglilinis sa mga tao sa mga kasalanan nila at mga pagkakamali sapagkat sa pamamagitan nito ay napapawi ang mga maling gawa at tumataas ang antas nila kay Allah.

Ang mga Kailangang Patawan ng Zakáh

Kinakailangang ipataw ito sa ginto, pilak, pera,³ kalakal at produkto ng lupa gaya ng mga butil, mga bunga, at mga mineral at metal na minimina.

Ang Zakáh sa Ginto, Pilak at Pera

Pinapatawan ng zakáh ang ginto at ang pilak maging anumang anyo ng mga ito. Kailangang magbigay ng zakáh para sa ginto o pilak ang sinumang nagmamay-ari ng mga ito na umabot sa *niṣáb*. Ang *niṣáb* ng purong ginto ay 20 *Mithqál* o katumbas ng 85 gramo at ang *niṣáb* naman ng purong pilak ay 200 *Dirham* o katumbas ng 595 gramo.⁴ Ang sinumang nagmamay-ari ng *niṣáb* ng ginto ay kailangang magbigay ng 2.5% ng minamay-aring ginto at ang sinumang nagmamay-ari ng *niṣáb* ng pilak ay kailangan ding magbigay ng 2.5% ng minamay-aring pilak. Kapag ninais na magbigay ng zakáh na pera, kailangang alamin ang halaga ng ginto o

³ Kapag nagmamay-ari ng ginto o pilak o pera na nananatiling umaabot sa *niṣáb*, kailangan pa ring magbigay ng zakáh para rito taon-taon kahit nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon.

⁴ Kaya ang nagmamay-ari ng purong ginto o purong pilak na umabot o humigit sa *niṣáb* ay kailangang magbigay ng zakáh na 2.5% o 1/40 ng kabuuan ng tinataglay na ginto o pilak.

pilak sa mismong araw na inabutan ng isang taon ang ginto o ang pilak at pagkatapos ay magbigay ng zakáh para rito na katumbas sa perang ginagamit sa tinitirahang bayan.⁵

Halimbawa: Kung sakaling nagmay-ari ang isang Muslim ng 100 gramong purong ginto, kailangang magbigay siya ng zakáh para rito dahil nagmay-aari siya ng gintong umabot sa niṣáb. Ang zakáh nito ay 2.5 gramong ginto. Kung ninais na pera ang ibigay para sa zakáh nito, aalamin ang halaga ng 100 gramong ginto kapag ito ay inabutan ng isang taon sa kanya at saka magbigay ng zakáh na pera na 2.5% ng halaga ng kanyang ginto.

Kinakailangan ding magbigay ng zakáh para sa pera kapag umabot ito sa niṣáb. Kaya ang sinumang nagmay-ari ng pera na

⁵ Kung nagmamay-ari ng hindi purong ginto o gintong hindi umabot sa 24 karat, na siya namang karaniwan sa ginto sa ngayon, ay kailangang ipaghambing ang halaga ng taglay ginto sa halaga ng 85 gramong purong ginto. Kung ang halaga ng ginto ay mababa sa halaga ng 85 gramong purong ginto, hindi papatawan ng zakáh ang ginto; kung ang halaga naman ng ginto ay umabot sa halaga ng 85 gramong purong ginto o higit pa, kailangang magbigay ng zakáh na katumbas sa 2.5% o 1/40 ng kabuuang halaga ng ginto. Ang batayan sa pagkukuwenta ng zakáh para sa halaga ng alahas na ginto ay hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas kundi ang gintong tinataglay nito. Karaniwang higit na mataas ang halaga ng alahas kaysa sa tunay na halaga ng gintong nilalaman dahil ang gastos sa paggawa nito ay ipinatong na sa halaga. Halimbawa: Kung nagmamay-ari ng 100 gramo na (mga) alahas na hindi purong ginto, aalamin sa alahero ang tunay na halaga ng nilalamang ginto ng mga alahas at ito ang pagbabatayan ng halaga—hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas. Kaya kung ang 100 gramong alahas na hindi purong ginto ay hindi umabot sa halaga ng 85 gramong purong ginto, hindi ito papatawan ng zakáh.

[hindi bababa sa halagang] katumbas sa halaga ng 85 gramong purong ginto. Kaya ang gagawin ng isang Muslim, kapag nagtataglay ng pera na inabutan ng isang taon sa pagmamay-ari niya, ay ang magtanong sa isang awtorisadong nagtitinda ng ginto hinggil sa halaga ng 85 gramong purong ginto. Kapag nagtataglay siya ng halagang katumbas niyon o higit pa, magbigay siya ng zakáh para rito [na katumbas sa 2.5% ng halaga nito]. Ngunit kung ang taglay niyang halaga ay mababa sa halaga na sinabi ng tinanungan, hindi siya obligado na magbibay ng zakáh.

Halimbawa: Kung ang isang tao ay nagtataglay ng 800\$ at inabutan ito ng isang taon, aalamin niya ang halaga ng purong ginto kung ang batayan ng perang umiiral sa bansa ay ginto, o aalamin naman niya ang halaga ng purong pilak kung ang batayan ng perang umiiral sa bansa ay pilak.⁶ Kung napag-alaman niya na ang halaga ng 85 gramong ginto ay 850\$, halimbawa, hindi na niya kailangang magbigay ng zakáh dahil ang halagang tinataglay niya ay hindi umabot sa *niṣáb* o sa halagang katumbas sa 85 gramong ginto. Tulad din nito ang gagawing pagkuwenta kung ang batayan ng pera ng bansa ay pilak.

Ang Zakáh sa mga Kalakal

Isinatungkulin ng Islam para sa isang Muslim na mangangalakal na nagmamay-ari ng yamang ginagamit niya

⁶ Bagamat wala nang bansa sa ngayon na gumagamit ng *gold standard* o *silver standard*, ang karamihan sa mga Bangko Sentral sa buong mundo ay gumagamit pa rin ng ginto bilang *resreve*.

sa pangangalakal na magbigay ng taunang zakáh bilang pasasalamat sa biyaya ni Allah at pagtupad sa tungkulin niya sa mga nangangailangang kapatid sa pananampalataya. Saklaw ng pagpapataw ng zakáh ang lahat ng naipagbibili at nabibili⁷ sa layuning tumubo, gaya ng *real estate*, hayop, pagkain, inumin, sasakyan at iba pa.

Ang kundisyon para sa zakáh na ito ay kailangang umabot sa niṣáb ang kalakal. Ito ay malalaman sa pamamagitan ng paghahambing ng kabuuang halaga ng kalakal sa halaga ng niṣáb ng ginto o pilak. Kailangang magbigay taun-taon ng zakáh para rito na katumbas sa 2.5% ng kabuuang halaga ng mga paninda. Kaya kung nagmay-ari, halimbawa, ang isang tao ng kalakal na nagkakahalaga ng 100,000 Piso, kailangang magbigay ng zakáh na 2,500 Piso kung umabot sa niṣáb ng ginto ang 100,000 Piso. Ang mangangalakal na nagtitinda at bumibili ay kailangang magsagawa ng pagtataya ng halaga ng mga paninda na tinataglay niya sa simula ng bawat taon at saka siya magbayad ng zakáh nito. Kung ang isang mangangalakal ay bumili ng kalakal 10 araw bago ganap na natapos ang isang taon, papatawan pa rin ng zakáh ang kalakal na ito kasama ng iba pang mga kalakal.

Nagsisimula ang taon ng pangangalakal sa unang araw na nagsimula ito. Ang pagbibigay ng zakáh ay taunan kaya kailangang magbigay ang isang Muslim ng

⁷ Ang kalakal na naipagbibili at nabibili ay mga paninda at hindi serbisyo.

zakáh para sa ari-arian taun-taon. Ang ikinakalakal na mga alagang hayop na umaaasa sa pakain (hindi kusang nanginginain sa pastulan) ay pinapatawan ng zakáh—maabot man ng mga ito ang bilang ng niṣáb para sa alagang hayop o hindi maabot—kapag umabot sa niṣáb ng pera ang kabuuang halaga nito. Ang zakáh para rito ay pera.

Ang Zakáh sa *Shares* o Sapi sa Kompanya

Sa ngayon ay may mga taong namumuhanan sa pamamagitan ng pagmamay-ari ng *shares* o mga sapi sa mga kompanyang tulad ng *real estates* at iba pa. Mayroon sa kanila na naglalagak ng pera sa mga sapi, na maaaring kumita o malugi kung magkaminsan sa loob ng ilang taon. Ang mga sapi na ito ay pinapatawan ng zakáh dahil ang mga ito ay itinuturing na kalakal. Kaya tungkulin ng isang Muslim na nagmamay-ari ng *shares* sa isang Kompanya na alamin taun-taon ang kabuuang halaga ng *shares* niya at saka magbigay ng zakáh. Maaaring pagsabay-sabayin ang pagbabayad ng zakáh para sa kung ilang taon kapag naipagbili na ang mga *shares* at natanggap ang halaga.

Ang Zakáh sa Produkto ng Lupa

Pinapatawan ng zakáh ang mga produkto ng lupa na **natatakal at naiimbak** gaya ng *dates*, trigo, *barley*, palay, munggo, mais at mga gaya nito, ngunit hindi pinapatawan ng zakáh ang mga prutas at ang mga gulay. Pinapatawan ng zakáh kapag umabot [ang lahat ng ito maliban sa *barley*] sa niṣáb na katumbas sa 675 Kilo. Ang niṣáb ng *barley* ay 552 Kilo. **Sa ganitong uri ng zakáh, hindi na kailangang lumipas muna ang isang taon bago magbigay ng zakáh bagkus magbibigay ng zakáh tuwing anihan.** Pinapatawan ng zakáh na 10% ng kabuuang ani kapag ito ay itinanim sa lupang pinatutubigan ng ulan, mga ilog at tulad nito, o sa madaling salita: hindi na nagpapakahirap o gumagastos ang isang magsasaka sa pagpapatubig. Subalit kung magpapakahirap o gagastos pa kapag patutubigan ang lupa, ang ipinapataw na zakáh ay 5% ng kabuuang ani. Halimbawa: Kung nagtanim ng palay ang magsasaka at umani siya ng 800 Kilo, papatawan ito ng zakáh dahil ang niṣáb ng palay ay 675 Kilo. Papatawan ito ng zakáh na 10% ng ani o 80 Kilo kung napatubigan ang lupang pinagtaniman nang walang trabaho o gastos, o 5% ng ani o 40 Kilo kung napatubigan ang lupa nang may trabaho at gastos.

Ang Zakáh sa Hayop⁸

Ang hayop na tinutukoy rito ay kamelyo, baka, kalabaw, tupa at kambing. Pinapatawan ng zakáh ang mga hayop na ito alinsunod sa sumusunod na mga kundisyon:⁹

1. Ang pagkaabot sa niṣáb. Ang niṣáb sa kamelyo ay 5 kamelyo; ang niṣáb sa tupa o kambing ay 40 tupa o kambing; at ang niṣáb sa baka o kalabaw ay 30 baka o kalabaw. Ang mababa pa sa alin man sa nabanggit na niṣáb ay hindi pinapatawan ng zakáh;
2. Na aabutan ang mga ito ng isang taon na taglay pa rin ng may-ari ng mga ito;
3. Na ang alinman sa mga ito ay *sá'imah*: nanginginain nang kusa sa pastulan sa higit na maraming araw ng taon. Hindi pinapatawan ng zakáh ang mga hayop na kinukumpayan o binibilhan o binibigyan ng pakain, maliban kung kusang nanginginain ang mga ito sa higit na maraming araw ng taon dahil pinapatawan ang mga ito ng zakáh ayon sa niṣáb ng mga ito;
4. Na hindi ipinantatrabaho ang mga ito o ginagamit ng may-ari ng mga ito sa pag-aararo, paghihila ng kariton at iba pang gawain.

⁸ Kailangan pa ring magbigay ng zakáh bawat taon para sa mga hayop na pinapatawan ng zakáh kahit nakapagbigay na sa nagdaang (mga) taon. Ang hayop na ibinibigay bilang zakáh ay kailangang walang kapansanan.

⁹ Buhay na hayop at hindi pera ang ibinibigay bilang zakáh para sa hayop.

Paraan ng Pagkukuwenta ng Zakáh

Ang Zakáh sa Kamelyo¹⁰

Pinapatawan ng zakáh ang mga kamelyo kapag umabot ang mga ito sa niṣáb na 5 kamelyo. Kaya kapag nagmay-ari ang isang Muslim ng 5 hanggang 9 kamelyo at inabutan ang mga ito ng isang taon at nanatiling pag-aari pa rin niya, ang zakáh ay 1 tupa na isang taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 10 hanggang 14, ang zakáh ay 2 tupa; kapag nagmay-ari ng 15 hanggang 19, ang zakáh ay 3 tupa; kapag nagmay-ari ng 20 hanggang 24, ang zakáh ay 4 tupa; kapag nagmay-ari ng 25 hanggang 35, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 1 taong gulang ngunit kung wala nito ay sapat na ang 1 lalaking kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 36 hanggang 45, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 46 hanggang 60, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 61 hanggang 75, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 4 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 76 hanggang 90, ang zakáh ay 2 babaeng kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 91 hanggang 120, ang zakáh ay 2 babaeng kamelyo na 3 taong gulang. Kapag sumobra pa sa 120 kamelyo, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang sa bawat 40 kamelyo na karagdagan o 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang sa

¹⁰ Bagamat walang kamelyo sa Pilipinas, minabuti pa rin nating talakayin ang tungkol sa zakáh nito upang maging masaklaw ang aklat na ito.

bawat 50 kamelyo na karagdagan. Sa halip na tupa ay maaaring kambing ang ibigay. Heto ang talahanayang naglilinao sa pagkukuwenta ng zakáh para sa kamelyo:

Bilang		Zakáh	
Mula	Hanggan	Dami	Uri
5	9	1	tupa o kambing
10	14	2	tupa o kambing
15	19	3	tupa o kambing
20	24	4	tupa o kambing
25	35	1	1 taon na babaeng kamelyo
36	45	1	2 taon na babaeng kamelyo
46	60	1	3 taon na babaeng kamelyo
61	75	1	4 taon na babaeng kamelyo
76	90	2	2 taon na babaeng kamelyo
91	120	2	3 taon na babaeng kamelyo

Kapag sumobra pa sa 120, ang zakáh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang sa bawat 40 na karagdagan o 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang sa bawat 50 na karagdagan.

Ang Zakáh sa Baka¹¹

Kapag nagmay-ari ng 30 baka hanggang 39 baka, ang zakáh ay 1 guya na isang taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 40 hanggang 59, ang zakáh ay 1 guya na dalawang taong gulang; kapag nagmay-ari ng 60 hanggang 69, ang

¹¹ Ang patakaran sa kalabaw ay katulad din ng sa baka.

zakáh ay 2 guya na isang taong gulang; kapag nagmay-ari ng 70 hanggang 79, ang zakáh ay 1 guya na isang taong gulang at 1 guya na dalawang taong gulang. Pagkatapos nito, sa bawat 30 baka na karagdagan ang zakáh ay 1 guya na isang taong gulang, o sa bawat 40 baka na karagdagan ang zakáh ay 1 guya na dalawang taong gulang. Ganito ang pagtutuos saanman umabot ang bilang.

Bilang		Zakáh	
Mula	Hanggan	Dami	Uri
30	39	1	1 taon na guya
40	59	1	2 taon na guya
60	69	2	1 taon na guya
70	79	2	1 taon at 2 taon na guya

Ang Zakáh sa Tupa¹²

Kapag nagmay-ari ng 40 hanggang 120 tupa, ang zakáh ay 1 tupa. Kapag nagmay-ari ng 121 hanggang 200, ang zakáh ay 2 tupa; kapag nagmay-ari ng 201 hanggang 300, ang zakáh ay 3 tupa; kapag nagmay-ari ng 301 hanggang 400, ang zakáh ay 4 tupa; kapag nagmay-ari ng 401 hanggang 500, ang zakáh ay 5 tupa. Sa bawat 100 tupa na karagdagan ang zakáh ay 1 tupa maging gaanuman karami ang madadagdag.

¹² Ang patakaran sa kambing ay katulad din ng sa tupa. Ang tupang ibinibigay bilang zakáh ay mga 6 buwan pataas, walang kapansanan at hindi napakatanda.

Bilang		Zakáh	
Mula	Hanggan	Dami	Uri
40	120	1	tupa
121	200	2	tupa
201	300	3	tupa
301	400	4	tupa
401	500	5	tupa

Isang tupa ang ibibigay bilang zakáh sa bawat isang daang karagdagang tupa.

Ang Mga Karapat-dapat sa Zakáh

Nagsabi si Allah (9:60): “Ang mga zakáh ay para lamang sa mga maralita, sa mga dukha,¹³ sa mga naglilingkod sa pagtitipon nito, sa mga mapalulubag-loob ang mga puso, sa pagpapalaya ng alipin, sa mga nagkakautang, sa landas ni Allah, at sa manlalakbay — isang tungkuling iniatang ni Allah. Si Allah ay Maalam, Marunong.”

Nilinaw rito ni Allah ang walong uri ng tao na ang bawat isa ay karapat-dapat na tumanggap ng zakáh. Ang zakáh sa Islam ay bumabalik sa lipunan lalong-lalo na sa mga may pangangailangan at hindi sa mga alagad ng relihiyon gaya ng nangyayari sa ibang mga relihiyon.

¹³ Ayon sa Tagalog-English DICTIONARY ni Leo James English ang **maralita** ay *extremely poor* o *lubhang mahirap* at ang **dukha** naman ay *poor* o *mahirap*.

Ang sumusunod ay ang mga karapat-dapat na tumanggap ng zakáh

1. Ang **maralita (faqír)** ay ang hindi makatugon sa kahit kalahati man lamang sa pangangailangan niya;
2. Ang **dukha (miskín)** naman ay ang may kakayahang tumugon sa higit sa kalahati sa pangangailangan niya ngunit hindi niya kayang tugunan nang lubusan ang pangangailangan. Pagkakalooban sila ng zakáh ayon sa pangangailangan nila sa loob ng ilang buwan o isang taon;
3. Ang **mga naglilingkod sa pagtitipon zakáh** ay ang mga tao na binigyan ng pamahalaang Muslim ng kapangyarihang mangalap ng zakáh mula sa mga kailangang magbigay nito. Bibigyan ang bawat isa sa kanila ng suweldong katumbas sa pinagtrabahuhan niya at angkop sa katungkulan niya, kahit pa man siya ay isang mayaman;
4. Ang **mga mapalulubag-loob ang mga puso** sa Islam ay ang mga pinunong sinusunod sa lipunan nila, na hinahangad na pumasok sa Islam o tumigil na sa pamiminsala sa mga Muslim. Kabilang din dito ang mga bagong pasok sa Islam o ang mga taong maaakit ang puso sa Islam upang lumakas ang paniniwala sa mga puso nila;
5. Ang **pagpapalaya ng alipin** ay ang pagbili sa kalayaan nito sa pamamagitan ng zakáh at pati na ng kalayaan ng mga Muslim na binihag ng kaaway;

6. Ang **mga nagkakautang** ay bibigyan ng zakáh upang ipambayad sa utang nila. Kailangangan ang tatanggap nito ay isang mahirap na Muslim, hindi mayamang may kakayahan na magbayad at hindi taong nagkautang dahil sa paggawa ng kasalanan, at dumating na ang oras upang magbayad;
7. Ang **landas ni Allah** ay tumutukoy sa mga Mujáhid na mga nagkukusang-loob at hindi tumatanggap ng suweldo. Tatanggap sila ng zakáh para sa sarili nila at para ipanggugol sa pagbili ng mga sandata nila. Ang pag-aaral ng Islam ay Pakikibaka (Jihád) rin; kaya kung may Muslim na walang pera ngunit nais niyang ilaan ang sarili niya sa pag-aaral ng Islam, ipinahihintulot na bigyan siya ng zakáh na sasapat sa pag-aral lamang;
8. Ang **manlalakbay** na tinutukoy rito ay ang isang taong kinapos ng panggastos habang naglalakbay at walang maipanggugol para sa pagbalik sa bayan niya. Siya ay pagkakalooban ng panggastos na mula sa zakáh upang makabalik sa bayan niya—kahit pa man siya ay mayaman sa bayan niya.

Ilang Paalaala Hinggil sa Zakáh

1. Hindi ipinahihintulot gugulin ang zakáh sa pagpatayo ng mga masjid, sa pagpapaayos ng mga daan at sa iba pang mga gawaing katulad ng mga ito.

2. Walang zakáh para sa yamang hango sa dagat gaya ng perlas, *coral*, isda, at iba pa maliban kung ang mga ito ay itinitinda.
3. Walang zakáh para sa mga paupahang gusali, mga pagawaan, at iba pang tulad nito ngunit pinapatawan ng zakáh ang mga kinita mula rito kapag inabutan ng isang taon. Halimbawa: May paupahang bahay ang isang tao at tumatanggap siya ng upa mula rito; kapag naabutan ng isang taon ang halagang ito, o ang bahagi nito, na umabot sa niṣáb, papatawan ito ng zakáh.

Ang Zakátulfitr

Ang pagbibigay ng zakáh na tinatawag na *zakátul- fitr* (fitrah o *sadaqatulfitr* o) sa katapusan ng Ramaḍan, ang buwan ng pag-aayuno, ay isinatungkulin ni Allah. Ito ay ibinibigay bago isagawa ang ṣaláh ng ‘Ídulfitr. Sa Ḥadith na nasasaad sa Sahih al-Bukhárí at Sahih Muslim, naiulat na sinabi ni ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA):¹⁴ “Ang pagbibigay ng zakátulfitr na katumbas sa isang *sá’* na datiles (*dates*) o isang *sá’* na trigo ay isinatungkulin ng

¹⁴ (RA): *Raḍiyalláhu ‘Anhu* para sa lalaki, *Raḍiyalláhu ‘Anhá* para sa babae, *Raḍiyalláhu ‘Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Binabanggit ito kapag nabanggit ang pangalan o taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

Sugo ni Allah (SAS)¹⁵ para sa mga Muslim: alipin man o malaya, lalaki man o babae, at bata man o matanda. Iniutos niyang ibigay ito bago pumunta ang mga tao sa lugar na pagsasagawaan ng *saláh* ng ‘*Ídulfiṭr*.’ Ang isang *sá’* ay isang takal na katumbas ng dalawa at kalahating kilo.

Ang Hatol Kaugnay Rito

Ito ay tungkulin ng isang Muslim: lalaki man o babae, bata man o matanda, at alipin man o malaya. Tungkulin din niyang magbayad nito para sa mga taong umaasa sa kanya gaya ng asawa o mga kaanak niya kung hindi kaya nila na sila mismo ang magbayad. Subalit kung makakaya rin lamang nila, mainam na sila na ang magbayad nito para sa mga sarili nila dahil sila mismo ang naatasang magbigay. Obligado lamang magbigay nito ang isang Muslim kung manggagaling ito sa sobra sa pangangailangan niya para sa araw at bisperas ng ‘*Ídulfiṭr*’.

Ang Dahilan ng Pagbibigay Nito

Ito ay magsisilbing panlinis para sa nag-aayuno para sa nagawa niyang pagkakamali at kasalanan habang nag-aayuno siya. Ito ay pagkain para sa mga mahirap sa araw

¹⁵ (SAS): *Sallalláhu ‘Alayhi wa Sallam*: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

ng ‘Ídulfitr, ang araw ng pagsasaya at tuwa. Ito ay tanda rin ng pagpapakita ng pasasalamat sa mga biyaya ni Allah, na natapos niya ang pag-aayuno at nakagawa siya ng mga nakayanang mabuting gawa. Ayon sa sabi ni ibnu ‘Abbás (RA): “Ginawa ng Sugo ni Allah (SAS) na isang tungkulin ang pagbibigay ng zakátulfitr bilang paglilinis para sa nag-aayuno para sa mga nagawa nitong pagkakamali at masama (habang nag-aayuno) at pagkain para sa mga mahihirap.” Ito ay Hadith na isinalaysay nina Abú Dáwúd, ad-Dáruqutní at al-Hákim.

Ang Dami at Uri Nito

Isang *sá‘* ng trigo o *dates* o pasas o anumang uri ng butil na karaniwang kinakain ng mga tao sa isang lugar. Bigas ang karaniwang ibinibigay bilang zakátul-fitr sa Pilipinas; o mais kung ito ang kinakain ng mga tao sa lugar na iyon. Ang isang *sá‘* ay katumbas ng dalawa at kalahating kilo. Hindi tanggap na ang ibigay bilang zakátulfitr ay damit o anumang bagay bukod pa sa mga pagkaing nabanggit. Hindi rin maaaring ang ibigay ay perang katumbas ng zakátulfitr dahil salungat ito sa iniutos ng Propeta (SAS).

Kanino Ito Maaaring Ibigay

Ito ay ibinibigay sa mga mahihirap na naninirahan sa lugar na pinaninirahan din ng magbibigay nito. Kung hindi niya kilala ang mga karapat-dapat tumanggap nito, maaari itong ibigay sa ibang lugar na kilala niya kung

sino ang karapat-dapat tumanggap nito roon. Sa mga mahirap lamang ibinibigay ang zakátulfitr.

Ang Oras ng Pagbibigay Nito

Kailangang ibigay ito paglubog ng araw sa bisperas ng ‘Ídulfitr. Ang **pinakamainam** na oras ng pagbibigay nito ay sa umaga ng ‘Ídulfitr bago isagawa ang saláh ng ‘Ídulfitr. Batay ito sa Hadíth na nabanggit na natin. **Ipinahihintulot** na ibigay ito isang araw o dalawang araw bago sumapit ang ‘Ídulfitr. **Ipinagbabawal** na ipagpaliban ang pagbibigay nito upang ibigay pagkatapos ng saláh ng ‘Ídulfitr. Kung ibinigay ito pagkatapos ng saláh ng ‘Ídulfitr nang walang katanggap-tanggap na dahilan, hindi na ito zakátulfitr kundi isang karaniwang sadaqah (kawanggawa) na lamang. Walang masama kung nahuli sa saláh ng ‘Ídulfitr ang pagbibigay nito kung mayroon namang katanggap-tanggap na dahilan. Ang halimbawa ng katanggap-tanggap na dahilan ay kapag huli na ng mabalitaan kung kailan ang tumpak na araw ng ‘Ídulfitr o kung sakaling nakatira sa isang lugar na malayo at walang tao roon na maaaring bigyan ng zakátulfitr. Nagsabi ang Propeta (SAS): *“Ang sino mang magbigay nito (zakátulfitr) bago isagawa ang saláh [ng ‘Ídulfitr], tanggap ito (bilang zakátulfitr); ngunit ang sinumang magbigay nito pagkatapos ng saláh (ng ‘Ídulfitr), ito ay magiging isang sadaqah na lamang katulad ng ibang mga sadaqah.”*

Ilang Paalaala Hinggil sa Zakátulfitr

1. Ipinahihintulot na ipamahagi ang zakátulfitr sa higit sa isang taong mahirap at ipinahihintulot din na tumanggap ang isang taong mahirap ng higit sa isang zakátulfitr. Ipinahihintulot din na ilagay ang mga zakátulfitr sa isang lalagyan at ibigay sa mga mahirap nang hindi na sinusukat pa.
2. Hindi ipinahihintulot na di-mabuting uri (ng bigas o mais o iba pa) ang ibigay bilang zakátulfitr. Sinabi ni Allah (2:267): **“O mga sumampalataya, gumugol kayo mula sa mga mabubuti na kinita ninyo at mula sa mga pinatubo Namin para sa inyo mula sa lupa. Huwag ninyong layuning ang masama mula roon *upang* gugulin ninyo samantalang hindi rin ninyo tatanggapin ito kung hindi kayo magpipikit-mata rito. Pakaalamin ninyo na si Allah ay Mayaman, Kapuri-puri.”**

Kung magbibigay ng zakátulfitr para sa isang sanggol na nasa sinapupunan pa lamang, ang pagbibigay na ito ay pagkukusang loob sa panig ng nagbigay. Si ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) ay naiulat na nagbigay nito para sa isang sanggol na nasa sinapupunan pa lamang subalit hindi ito isang obligasyon.